International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

**Peer Review Report Form**

| | |
|---|---|
| **Pamagat ng Manuskrito:** | Mga Katangiang Linggwsitik ng Wika ng Kababaihan sa mga Piling Panayam: Isang Pagsusuri |
| **Uri ng Artikulo:** | Orihinal na Artikulo |

## UNANG YUGTO

### Editor

| **Pangkalahatang Puna** |
|---|
| Kinikilala ng mga tagasuri ang kahalagahan ng inyong manuskrito at inirerekomenda ang mga rebisyon upang higit pang mapabuti ang kalinawan, organisasyon, at pangkalahatang kalidad nito.<br><br>Bukod dito, kinakailangan ninyong magsagawa ng masusing imbentaryo ng mga sanggunian sa inyong manuskrito. Tiyakin na ang mga sangguniang binanggit lamang sa loob ng manuskrito ang nakatala sa seksyong "Mga Sanggunian", gayundin, na ang lahat ng sanggunian ay maayos na nabanggit sa manuskrito. Halimbawa, kung may 20 sangguniang binanggit sa manuskrito, dapat ay 20 lamang din ang nasa seksyong "Mga Sanggunian". Gayunpaman, tandaan na ang paulit-ulit na pagbanggit sa iisang sanggunian sa loob ng manuskrito ay binibilang bilang isang *entry* lamang; kaya maaaring mas mababa ang bilang ng mga entry sa seksyong ito, kumpara sa kabuoang bilang ng *in-text citations*. |

### Tagasuri 1

| **Pangkalahatang Puna** |
|---|
| Ang paksa ng manuskrito ay mahalaga at may ambag sa pag-aaral ng wika, kasarian, at kulturang Pilipino, lalo na sa paggamit ng wika ng kababaihan sa iba't ibang antas ng panayam. Gayunpaman, kailangan pang patibayin ang metodolohiya at pagsusuri upang maging mas kapani-paniwala ang mga konklusyon. |

| **Tiyak na Puna** |
|---|
| Kailangang higit pang linawin ang pamamaraan ng pagbilang at pagsusuri ng datos. Bagama't may mga porsiyento at bilang ng mga paglitaw na inilahad, hindi sapat ang paliwanag kung paano isinagawa ang pagkokodigo, kung sino ang nagsagawa nito, at kung paano tiniyak ang pagkakapare-pareho o pagiging maaasahan ng pagsusuri. Mahalaga ang mga aspektong ito sapagkat nakabatay ang pangunahing resulta ng pag-aaral sa mga numerong inilahad. |
| Limitado ang datos sa anim na panayam ng mga kilalang personalidad sa telebisyon. Dahil dito, dapat maging mas maingat ang papel sa paggamit ng malawak na pahayag tungkol sa "wika ng kababaihan." Maaaring ang ilang natuklasan ay epekto ng *talk show format, media performance*, o personalidad ng kalahok, hindi lamang ng kasarian. |

International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

| |
|---|
| Maraming teoryang ginamit sa papel, tulad ng Deficit, Dominance, Difference, Social Constructionist, Politeness, at Accommodation Theory. Maganda ito, ngunit kailangang mas malinaw kung alin ang pangunahing lente ng pagsusuri. Sa kasalukuyan, medyo nagiging mabigat at hindi ganap na magkakaugnay ang teoretikal na balangkas. |
| May ilang bahagi ng resulta at diskusyon na malakas ang interpretasyon ngunit kulang sa sapat na halimbawa mula sa aktuwal na datos. Mas magiging matibay ang argumento kung dadagdagan ng piling sipi mula sa transkripsyon at ipapakita kung paano eksaktong naugnay ang mga ito sa bawat temang linggwistiko. |

**Mangyaring ipahiwatig ang iyong pasya sa pamamagitan ng pag-tsek sa naaangkop na kahon sa ibaba.**

| **Pasya** | |
|---|---|
| | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon. |
| ✓ | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri. |
| | Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon. |

**Tagasuri 2**

| **Pangkalahatang Puna** |
|---|
| Kapuri-puri ang inyong pag-aaral sapagkat naibibigay nito ang isang lokal na konteksto sa konsepto ng “wika ng kababaihan” (WL), lalo na’t ang mga umiiral na teorya ay kadalasang nakabatay sa pananaw ng Kanluran. Mahalaga rin ang inyong pagtukoy na ang mga anyong labis na magalang tulad ng po, opo, at mga panimbang na pahayag ay hindi nangangahulugang kahinaan, kundi nagsisilbing estratehiya para sa pakikisama at pagpapanatili ng maayos na ugnayan sa kulturang Pilipino. Ang ganitong pananaw ay isang matibay at makabuluhang ambag sa larangan. |

| **Tiyak na Puna** |
|---|
| Pakisuri ang baybay sa inyong pamagat sapagkat may kapansin-pansing pagkakamali sa salitang “Linggwsitik,” na dapat ay “Linggwistik.” Mayroon ding labis na kuwit bago ang pariralang “sa mga Piling Panayam” na kinakailangang alisin. Dagdag pa rito, ang abstrak sa Ingles ay hindi maayos ang pagkakalatag at tila nakadikit lamang sa pangunahing teksto. Iminumungkahing ayusin ang wastong pormat at paghahati ng mga bahagi nito upang maging malinaw at organisado ang kabuoang presentasyon. |
| May isa pang pagkakamali sa baybay: sa isang pangungusap ay nakasulat ang “Th Sa Pilipinas, hindi pa masyadong…”. Pakitanggal ang “Th” upang maging maayos at tama ang pagkakabuo ng pangungusap. |
| Sabi niyo sa Abstrak at sa dulo ng RRL, gagamitin niyo ang apat na dulog: Deficit (Lakoff, 1975), Dominance (West at Zimmerman, 1975), Difference (Tannen, 1990), at Social Constructionist (West at Zimmerman, 1987). Pero pagdating ninyo sa (Resulta at Diskusyon), bigla ninyong ipinasok ang Politeness Theory ni Brown at Levinson at ang Accommodation |

International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies

ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

| |
|---|
| Theory ni Giles. Kung gagamitin ang Politeness at Accommodation theories, dapat ay ipinakilala na ninyo ang mga ito sa Introduksyon o Kaugnay na Literatura pa lamang. Ano ang nangyari sa Dominance Theory at Social Constructionist Theory? Kung hindi naman sila aktuwal na nagamit, mas mainam na alisin na lamang ang mga ito sa mga naunang bahagi upang maiwasan ang pagbibigay ng inaasahang hindi naman natupad sa mismong pagsusuri. |
| Nakalagay sa papel ninyo na kayo ay gumamit ng qualitative research design na may case study approach at ginamitan ng discourse at thematic analysis. Pero kung titingnan ang Talahanayan 1, 2, at 3, puro kayo percentages at pagbilang ng instances (e.g., 98% ng mga pahayag, bumaba ng 86%, 150 pahayag). Hindi sapat na sabihing thematic analysis ito kung panay numero ang batayan ng konklusyon ninyo. Bigyang katwiran ninyo ang pagbilang, o kaya ay uriin ang pag-aaral bilang Mixed-Methods. |
| Nabanggit ninyo na anim (6) na panayam ang inyong sinuri. Pero sa diskusyon at sa inyong Talahanayan, apat na babae (Lily, Rose, Tulip, Daisy) lang ang pinangalanan ninyo at kinunan ng data. Nasaan yung dalawa pang panayam? Iwasto ito nang maayos. |
| Maganda at kapuri-puri ang inyong pagbasag sa mga konsepto ng "superpolite forms" at "hypercorrect grammar" ni Lakoff gamit ang lente ng kulturang Pilipino. Ang galing ng insight ninyo na ang paggamit ni Lily ng 17 beses na "Salamat po" at 22 beses na pagtawag na "Tito Boy" sa loob ng tatlong minuto ay hindi pagiging sunud-sunuran, kundi pagkilala sa herarkiya at estratehiya para sa pakikipagkapwa. Subalit, sa pagpapaliwanag ninyo sa "Katangian 3: Nakabatay sa Kuwento", nabanggit niyo na "kahit sino ay magkukuwento, lalaki man o babae" dahil sa talk show format. Kung format pala ang nagdikta at ginagawa rin ito ng mga lalaki, balido ba itong tawaging "Katangiang Linggwistiko ng Wika ng Kababaihan" |

**Mangyaring ipahiwatig ang iyong pasya sa pamamagitan ng pag-tsek sa naaangkop na kahon sa ibaba.**

| **Pasya** | |
|---|---|
| | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon. |
| ✓ | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri. |
| | Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon. |

International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

## IKALAWANG YUGTO

| Pasya | Editor | Reviewer 1 | Reviewer 2 |
|---|---|---|---|
| Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon. | / | / | / |
| Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri. | | | |
| Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon. | | | |